Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/15

Pagkilala sa Simuno o Paksa ng Pangungusap

Panuto: Ang mga pangungusap sa tungkol o hango sa 2013 *State of the Nation Address (SONA)* ni Pangulong Benigno S. Aquino III. Salungguhitan ang buong simuno o paksa (*complete subject*) ng bawat pangungusap.

1. Si Pangulong Benigno S. Aquino III ay nagbigay ng talumpati sa Kongreso noong ika-22 ng Hulyo.
2. Ito ang ika-apat na *State of the Nation Address* o SONA ng pangulo.
3. Binanggit niya ang mga nagawa ng pamahalaan para sa taumbayan.
4. Nagpasalamat siya sa mga taong sumuporta sa mga programa at plano ng kanyang administrasyon.
5. Hindi nagkulang ang ating bansa sa mga taong handang manindigan at lumaban.
6. Bahagi ng trabaho ng bawat Pilipino ang pagpigil sa maling gawain.
7. Kayang makipagsabayan sa agos ng kaunlaran ang Pilipinas.
8. Ang mas malakas na sektor ng turismo ay manganganak ng mas maraming trabaho.
9. Marami ang pumupuri sa kagandahan ng Pilipinas bilang destinasyon ng mga turista.
10. Tayo ay nagsulong ng mga tamang proyekto sa tamang halaga.
11. Tumataas ang konsumo ng kuryente habang umuunlad ang ekonomiya.
12. Nagluksa ang milyun-milyong Pilipino sa pagpanaw ni Jesse Robredo.
13. Ang mga Pilipino ay hinikayat ng pangulo na ituloy ang pakakapit-bisig.
14. Ang pangulo ay may tiwala sa kakayahan ng Pilipino na malampasan ang anumang pagsubok.
15. Inihandog ng pangulo ang SONA sa mga Pilipinong pinili ang daang matuwid.